

1

“I can’t believe this!” naghihimutok na saad ni Madel. Kumuha siya ng sandamakmak na *Nova* at *Clover* chips. “Naglilihim na siya sa akin.” Frustrated niyang itinigil ang paghahakot ng chichiria. Naroon siya sa isang grocery store.

“Kausapin mo siya, hindi iyong basta ka na lang nag-a-assume ng kung anu-ano,” saway ni Alexis. They were on a call conference, kasama si Sandy na kaibigan nila.

“We know what’s bugging you,” ani Sandy.

“He’s been acting weird lately. I know he’s hiding something from me. I can feel it.”

“Natatakot ka ba para sa daddy mo?” hula ni Alexis.

“I can’t help it. Feeling ko kasi talaga may kinalolokohang babae na naman si Daddy.”

“What’s new? Eh, hindi siya nauubusan ng babae, di ba?” bulalas ni Alexis.

“Iba ito, Lex. Alam ninyo kung paano magmahal si Daddy. Kung magmahal siya, wagas. Kaya nga lagi

siyang niloloko, eh,” himutok niya.

“Tito Jeremy’s only forty-eight. He can still find the right girl for him. Malay mo, right girl na pala ang nahanap ng daddy mo. Don’t you want him to be happy?”

“Masaya naman kami na kaming dalawa lang.”

“Ikaw, masaya. Eh, si Tito kaya?”

Natigilan siya sa tanong ni Alexis. It was a question she never dared to ask herself. Natatakot siya sa sagot na maaaring makuha. “I... I’m ending this call,” iwas niya.

Nakasimangot na ibinalik ni Madel ang cellphone sa kanyang bag. Ipinagpatuloy niya ang pag-iikot sa grocery store. Napatigil siya sa pagliko sa dulo ng isang malaking estante nang walang anu-ano ay biglang nabangga ang tulak niyang cart. Her brows furrowed.

“Ano ba? Are you blind?” singhal niya sa lalaking hindi niya namalayang makakasalubong niya.

“Nakita mo ba ako bago mo ako makasalubong kanina? I didn’t see you coming, you didn’t either. So who’s to blame?” walang emosyong sagot nito.

Napaawang ang mga labi niya sa derechahang

pambabara nito. She threw him a sharp look. “Walang modo,” aniya at iniwan ang kausap. “Ang kapal ng mukha! Akala mo kung sino. Ni hindi marunong mag-sorry!” Bubulung-bulong pa rin siya habang papalabas sa naturang grocery store.

Nang makalabas doon, kaagad niyang tinungo ang kanyang kotseng nakaparada sa di-kalayuang parking lot. Ibinaba niya ang hawak na dalawang ecobags sa pavement. Nang mabuksan ang kotse ay maingat niyang ipinasok ang mga pinamili.

Pumaikot siya sa patungo sa driver side ng sasakyan at sumakay. Gaya ng nakagawian, nag-check muna siya ng kanyang cellphone bago iyon inilapag sa dashboard. She was about to lock the door when somebody hastily went inside her car and sat beside her.

Kagyat na nanlaki ang mga mata niya nang makilala kung sino ang sumakay. It maybe a little dark inside her car, pero hindi niya maaaring ipagkamali ang pagmumukha ng lalaking walang modong nakabangga sa kanya kanina. Kaagad na nagsalubong ang mga kilay niya.

“What are you doing here?” asik ni Madel.

“L-look. I know that what happened between us

was a little, err... not so good. Pero pagbigyan mo muna ako ngayon. I really need to get out her sight.” He was almost begging. Dumapo ang tingin nito sa bintana. Nang may kung anong nakita ay bigla itong napayuko.

Nagtataakang napatitig siya rito. “H-hey, ano’ng ginagawa mo?” Instead of answering, he just made a long ‘shh’. Hindi makapaniwalang napaawang ang mga labi niya. Humalukip siya. “Hindi mo ako madadaan sa estilo mo. I think I know your modus.”

“What?” he said, half-apprehensive and half-irritated.

Bigla siyang nakaramdam ng takot dito. Tila ba noon lang niya naisip na isa siyang babae at nasa loob siya ng isang madilim na kotse kasama ang isang lalaking hindi niya kilala. Mabilis niyang inabot ang kanyang bag at kinuha ang kanyang ‘special weapon’.

“H-huwag kang lalapit! May pepper spray ako.” Iniamba niya ang hawak na pepper spray sa harap nito.

Muling napangiwi ang estranghero, pagkuwan ay napakamot sa ulo. Sumilip muna ito sa bintana bago ulit siya hinarap. “Look, hindi ako masamang tao. Nagkataon lang na may tinatakasan ako. God

knows I don't even want to ask for your help. Ang kaso, I have no choice."

Nagpanting ang tainga niya sa paliwanag nito. Ang siste ba ay napipilitan pa ito sa lagay na iyon? "P'wes, lumayas ka dito ngayon din! Kung anuman iyang tinatakasan mo, wala akong pakialam, basta lumayas ka dito!" aniya na hindi napigilang mapasigaw sa sobrang inis.

Nanlaki ang mga mata nito at mabilis na hinila siya palapit. Tinakpan din nito ang bibig ni Madel. "Dammit!" Umangat ang kamay nito at pinindot ang automatic lock ng mga pinto na nasa likuran lang niya. "Nakasalalay sa pananahimik mo ang kinabukasan ko. Kaya kung gusto mo pang sikatan ng araw ay manahimik ka. Naiintindihan mo ba?" nagbabantang turan nito.

Gusto niya itong awayin, sigawan at sabihin ditong wala pang nakakapanakot sa kanya nang ganoon sa buong buhay niya. Pero lahat ng iyon ay hindi niya nagawa. She was too scared of him that all she did was nod. She could hear his heavy breathing.

Para na silang tangang nakalugmok sa ilalim ng dashboard ng kotse niya. Sa tuwing sinusubukan niyang pumiksi ay mas lalo lang nitong hinihigpitan ang pagkakaakbay sa kanya. She was starting to pant,

too.

They stayed like that for quite a long time. At habang tumatagal na nanatili sila sa ganoong ayos ay mas lalong kumakabog ang dibdib ni Madel. Dangan lamang ay hindi na iyon dahil sa takot sa maaari nitong gawin sa kanya. She could smell his manly scent. Damang-dama niya ang init ng katawan ng estranghero. And his soft palm over her lips was too overwhelming for her to handle. Nagsisimula nang maging eratiko ng tibok ng puso niya. She glanced at him.

He had strong eyes. Malamig iyon kung makatitig, pero kung susubukang titigan ay makikita ang tila apoy na nagningas sa loob ng mga mata nito. He had a high nose, bagay na mas lalong nagpa-emphasize sa mga mata nito. His lips were red, tila laging nanunudyo ang bawat kibot. His face looked so soft. Maputi ito at walang bahid ni katiting na blemish sa mukha. He looked too beautiful to stare at.

“Huwag mo akong masyadong titigan, baka mahalikan kita,” nagbibirong sabi nito.

Tanging panlalaki ng mga mata lang ang naisagot ng dalaga sa tinuran nito. Namula rin ang kanyang mukha. She tried to push him away, free herself from his firm grasp, but he didn't let her go. Natatakot na

siya sa kakaibang nararamdaman.

“I’m just kidding. Pinapagaan ko lang ang sitwasyon natin,” natatawang saad nito. “I’m letting you go. Pero sa oras na gumawa ka ng ingay, I will shut your mouth again. But this time, ibang klase ng pagpapatahimik ang gagawin ko sa ‘yo,” nakangising banta nito.

She cringed at the thought. Sunud-sunod ang pag-iling ni Madel. Nang pakawalan siya nito ay mabilis siyang lumayo mula sa lalaki. “H-hindi ako magsusumbong sa mga pulis.”

Humalakhak ito, bagay na ikinagulat at ipinagtaka ni Madel. His laugh was loud and crisp. “Don’t worry, nakaalis na iyong pinagtataguan ko. What were you thinking? Iniisip mo bang papatayin kita para mapatahimik ka lang?”

Kumunot ang noo niya. “H-hindi ba?”

Muling pumuno sa loob ng sasakyan ang nakakatulig na halakhak ng lalaki. Hanggang sa paunti-unting humina ang tawa nito. Unti-unti ay gumalaw ito at inilapit ang mukha patungo sa mukha niya. Hindi kaagad siya nakagalaw.

“Inisip mo ba talaga iyon?” Umangat ang kamay nito at masuyo siyang hinaplos sa mukha.

“B-bitiwang mo ako,” halos pabulong na sabi niya.

“Alam mo ba iyong paraan na gagawin ko para mapatahimik ka?”

“W-wala akong pakialam! Basta ang gusto ko ay—”

It was just a smack. Mabilis lang. Ni hindi nga nagtagal ng limang segundo. Kaya hindi halos maintindihan ni Madel ang sarili kung bakit gayon na lamang ang reaksyon ng katawan niya sa kapangahasan nito. Bago pa man niya maitulak ang lalaki ay nakalayo na ito sa kanya. Tulalang napatitig siya sa nakangising mukha nito.

“Thanks for the help.” Sumaludo pa ito bago lumabas sa kanyang kotse.

At huli na para sa kanya ang naising sampalin ang tampalasang lalaking walang habas na nagnakaw ng halik sa kanya. Pero lumabas pa rin siya ng kotse para habulin ito. Ngunit kaagad na nawaglit ang galit niya nang imbis na ang damuhong magnanakaw ng halik ay iba ang nakita niya. What she saw gave her the kind of anger that was tenfold than that stranger gave her.

Galit na hindi lang siya basta nagawang panginigin, kundi nagawa pa siyang patigilin sa

Game Of Love - Eunice Xyra

paghinga. Kitang-kita ng dalawang mata niya ang taong ni sa hinagap ay hindi niya naisip na makikitang papasok sa loob ng grocery store... habang may kaakbay na isang babae.

2

“Good morning, Baby.” Umiwas si Madel sa halik ng daddy niya. Nakaismid na ipinagpatuloy niya ang pagkain ng almusal na hindi man lang ito tinatapunan ng tingin. She heard him sigh as he sat next to her. “Mukhang hindi yata maganda ang gising mo,” anito.

“Don’t mind me, Dad,” she replied coldly.

“Tell me, what did Daddy do this time?” Inilapit nito ang upuan sa kanya at hinarap siya.

“Are you dating someone?” she asked nonchalantly. Her father flinched. Pagkuwan ay napayuko ito at biglang napaayos ng upo. That answered her question. Humigpit ang hawak niya sa tinidor. “I guess that’s a yes for an answer,” she said dryly. “I saw you last night.”

Tinakasan ng kulay ang mukha nito. “A-ano’ng nakita mo?” natatarantang tanong ng ama.

“Wala namang gaano, Dad. Nakita ko lang kung paano kang nakaakbay sa babae habang masaya kayong pumapasok sa grocery store,” sarkastikong tugon niya.

“H-hayaan mo muna akong magpaliwanag.”

“Hindi na kailangan, Dad. I know what I saw. Naglihim ka sa akin, iyon ang malinaw.”

“I was planning to tell you, but I was waiting for the right time,” giit nito.

“When is the right time, Dad? Kapag malalaman ko na lang na magpapakasal ka na ulit?” nang-uuyam na tanong niya. She rolled her eyes and let out a frustrated laugh.

“H-how did you—” napapantastikuhang saad nito.

Lumikha ng ingay ang tinidor na hawak ni Madel nang mabitiwan niya iyon at bumagsak sa sahig. “Paano ninyo naitago sa akin ito?” tanong niya sa nasasaktang himig.

“I w-was waiting for the right time. I’m sorry.”

“S’abi mo, hindi ka muna makikipagrelasyon after your break-up with Luciana!” akusa niya.

“I fell in love, what can I do?”

“Kelan pa kayo nagkaroon ng relasyon?”

Hindi kaagad nakasagot si Jeremy.

“Kelan ninyo pa inilihim sa akin ito?”

“I was about to tell you. N-nahihirapan lang akong humanap ng tiyempo.”

Hindi ka pa ba nadadala, Dad? Ilang beses ka na bang niloko ng mga babae? Hindi ka ba naaawa sa sarili mo? Peperahan ka lang nila. Are you really insane?

“She’s different.” He gritted his teeth, tila ba nahulaan nito ang tumatakbo sa isip niya.

Napailing na lang siya. “Hindi na kayo natuto.” Dismayadong tumayo si Madel at iniwan ito. Hindi niya mapaniwalaan ang nalaman. *He’s even planning to marry her?*

Ilang araw na ang nakalilipas simula nang malaman niya ang ginawang paglilihim ng kanyang ama. As expected, umamin din itong may balak nga ito at ang Martha na iyon na magpakasal. Since that day, hindi pa niya ito kinakausap. Ilang beses nitong tinangka na kausapin siya, pero lagi siyang umiiwas. Sobrang sama talaga ng loob niya rito.

“How are you feeling?” her dad asked worriedly.

“Not good. I feel terrible,” tipid niyang sagot.

“Alam kong mangyayari ito, kaya hindi ko agad nasabi sa ’yo. Honestly, hindi ko inakalang aabot kami ni Martha sa ganito. Kaya nga hindi ko na lang sinabi sa ’yo. But, Madel, I am serious about her.”

“Gan’on ka kaseryoso sa kanya para maglihim sa akin, Daddy?” puno ng paghihinakit na kondena niya sa ama. Naramdaman niya ang pag-iinit ng sulok ng kanyang mga mata, kaya kaagad siyang nag-iwas ng tingin.

“Listen, Martha is different. And I know that you’ll like her sa oras na makilala mo siya.”

“For all we know, peperahan ka lang niya. Baka nga paglalaruan ka lang. ’Tapos, iiwan ka din gaya ng mga naging girlfriends mo at magiging miserable ka ulit.”

“Madel, stop it,” babala nito.

It was as if something sharp pierced her heart that it hurt so bad. Hindi pa man niya nakikita ang Martha na iyon ay paunti-unti nang lumalalim ang galit niya para rito. Her father never used that kind of hostile tone to her before. Pero ngayon ay nagawa na nitong...

“Lalabas din ang tunay niyang kulay.”

“Get yourself ready. We’re going to Martha’s house tonight. I am expecting you to behave later.” Then he left.

She clenched her fists. Nang nagdaang araw pa siya nito sinabihang maghanda dahil mamamanhikan na raw ito mamayang gabi. And he didn’t accept no for an answer.

Kailangang matuto ng leksyon si Martha katulad ng iba pang babae na nagtangkang agawin sa kanya ang ama niya. *I’ll show him how I will behave tonight.*

Tahimik lang sila sa loob ng kotse habang nasa daan patungo sa bahay ng gold digger na bibisitahin nila. She smirked at the thought. Hanggang sa makarating sila ay hindi niya kinibo ang ama na kanina pa pasulyap-sulyap sa kanya. Ramdam niya ang pagkabahala nito.

“I said get out of the car,” he warned.

Padabog siyang umibis mula sa sasakyan. Aaminin ni Madel, nagulat siya sa kanyang nakita. Martha’s house was extravagantly huge. Hindi iyon ang bahay na inaasahan niya mula sa isang gold digger. She froze.

“She isn’t a gold digger,” proud na saad ng daddy niya.

“Whatever.” She irritably rolled her eyes. Batid niyang ngingiti-ngiti ito habang nakasunod sa kanya. *I still will never like her.*

“Ah, wait. I almost forgot about the flowers,” pigil nito. “Wait for me, kukunin ko lang sa kotse iyong flowers na binili ko kanina. Don’t do anything stupid, Princess. Just stay here and wait for me. Don’t ring the bell yet. I should be doing that,” babala nito bago bumalik sa kotse. She shrugged and smiled wickedly.

Nababagot na siya sa kahihintay ngunit wala pa rin ang kanyang ama. She smiled. Of course, she knew too well what took him so long. Sigurado siyang natataranta na itong makita na pira-piraso na iyong bulaklak na binili nito kanina. Iyong ganoong klase ng bulaklak naman talaga ang bagay sa Martha na iyon. She sneered.

Iginala ni Madel ang tingin sa paligid ng malaking bahay na iyon. It looked monstrously beautiful. She shrugged. *If she isn’t after my father’s money, siguro sa genes ni Daddy interesado ang babaeng iyon. Baka mukha siyang palaka.* Hindi niya gaanong nabistahan ang mukha ng babae noong makita niya ito.

“What are you doing here?”

Napakislot si Madel sa tanong na biglang pumukaw sa pag-iisip niya. Napakunot-noo siya nang mabistahan ang lalaking nakatitig sa kanya. Gaya niya ay nakatayo rin ito sa harap ng itim na gate, looking muddled. “Obviously, nakatayo,” pamimilosopo niya.

“Let me rephrase the question. Why are you standing in front of this house?”

“Why should I tell you? Eh, hindi naman kita kilala.” She thought she’d seen him elsewhere before. Hindi nga lang niya matandaan kung kailan o saan.

Mukhang maging ito ay nakaramdam din ng familiarity pagkakita sa kanya dahil kitang-kita niya kung paanong napakunot ang makinis nitong noo. Mayamaya ay napatampal ito sa sariling noo. “Oh, yeah! You’re the girl from that grocery store,” bulalas nito.

“G-grocery store?” nagtatakang ulit niya. “Hindi ko alam ang sinasa—” Natigilan siya nang bumalik sa alaala ang eksenang iyon sa parking lot kung saan kamuntik siyang nagwala sa sobrang inis. Kaagad na namula ang kanyang mukha dahil sa kahihyan at sobrang galit. “Ikaw iyong magnanakaw ng halik!”

“Correction, iyong guwapong lalaking tinulungan

mo.”

“I didn’t help you, you idiot. You forced me!”
gigil na turan niya.

Nagkibit-balikat ito. “I had no choice.”

“At ninakawan mo ako ng halik!”

“Sorry about that,” nakangising sabi nito.

Well, he said sorry. Pero alam niyang hindi naman ito sincere sa paghingi ng tawad, kung pagbabasehan ang nang-aasar na tingin nito sa kanya. Ni hindi man lang nito itinago ang ginawang pagsusuri ng malikot nitong mga mata sa kanyang kabuuan.

That night, she was wearing a black chic gown that hugged her flat tummy and full chest. Nanunudyo rin ang isang mataas na slit sa kaliwang bahagi ng ankle-length gown niya, exposing one of her to-die-for silky white legs. Hanggang sa muling umakyat ang tingin nito sa dibdib niya at napatagal ang tingin roon.

“Stop ogling, you pervert!” namumula ang mukhang saway ni Madel. Pakiramdam niya kasi ay hinuhubaran siya ng lalaki sa paningin nito. *Argh! Dakilang pervert!*

He chuckled, a wider grin on his handsome face.

He too, wore something formal. It was a three-piece tuxedo, matching her black gown. “I can’t help it. You look so sexy in that outfit,” mapang-akit na tudyo nito. “Did you use that same cologne from before?”

“Y-you pervert!” she hissed, reddening even more.

“Madel!”

Pareho silang napalington sa bagong dating. Humahangos na naglakad palapit sa kanila ang kanyang ama. He was holding a bunch of flowers... fresh ones. Did he have that delivered? Irritation flooded her senses tenfold. He’d really do everything to please that old lady.

“What took you so long?” pigil ang inis na salubong niya sa ama.

“You’ll never get away with what you did. We’ll talk after we get home.” Pagkuwan ay napabaling ang tingin nito sa lalaking katabi niya. For the first time in her life, nakita niya kung paano itong natigilan at pinamutlaan. “J-Jovan? Is that you?”

“Do you know him, Dad?” aniyang napakunot ang noo.

“Yes. He is Martha’s son.”

“W-what?” Nanlaki ang mga mata niya. Ngayon ay alam na niya kung bakit napakabigat ng loob niya sa lalaking ito. Anak pala ito ng babaeng gustong umagaw sa daddy niya!

“What are you doing here?” malamig na tanong ni Jovan. He coldly stared at her father. Animosity filled the air between the two men. Kung nakamamatay lang ang tingin, tiyak na kanina pa bumulagta ang daddy niya dahil sa poot na nakikita niya sa mga mata ng kanyang katabi.

“W-well, I am going to visit your mom.”

Napataas ang kilay niya sa nakitang pag-aalangan ni Jeremy sa pagsagot. *What’s going on here?*

“Really?” May panunuya sa tinig ng binata nang sabihin iyon. “Let’s go then,” yakag nito.

Nakarating sila sa loob ng mansion. The place was a sight to behold. Kahit paano ay na-relax siyang makakita ng madaming bulaklak sa malawak na hardin.

“Oh my, is this Madel?” exclaimed a sweet voice.

Halos mapaluwa ang mga mata niya nang makita ang babaeng nagmamay-ari niyon. She was far from the kind of woman she thought she was.

She was neither old nor ugly. In fact, she was pretty. Iyong tipong mahinhin na maganda. Someone with class. But the sweet smile on the older woman's face suddenly disappeared the moment she saw the younger man.

“J-Jovan?” bulalas nito.

“Good evening, Mom. Did you miss me?” Lumapit ito sa ina at humalik sa pisngi nito.

“O-of course. Nagulat lang ako sa biglaang pag-uwi mo. K-kelan ka pa nakauwi ng Pilipinas?” namumutlang tanong ni Martha sa anak.

Lalong tumaas ang kilay ni Madel. Mukhang hindi lang ang daddy niya ang nagulat sa biglaang pagsulpot nito. Was no one really happy to see Jovan?

“Surprise!” nakakalokong sabi nito. “Pero mukhang ako ang na-surprise sa nadatnan ko.” Tinapunan sila nito ng tingin, partikular na ang kanyang ama.

“Ah, by the way, this is my son, Jovan. Jovan, this is J-Jeremy. And this lovely young lady here is his daughter, Madelina,” bawi ni Martha.

“It's Madel,” aniya. Tanging ang magulang lang niya ang pinapayagan niyang tawagin siya sa tunay

na pangalan. “It’s from my mom’s name. It’s cute, right?”

Martha paused. Napatikhim ang daddy niya and gave her a threatening look. “Y-yeah,” alanganing sang-ayon ng nakatatandang babae. She flushed like an idiot.

“My name came from my dad, too,” singit ni Jovan, making her father flush, too. He was obviously spoiling the night, all the more, she might say.

Oh, I’m not alone, aniya sa sarili.

“W-why don’t we get inside?” mayamaya ay yakag ni Martha. Iginiya sila nito sa isang malawak na komedor. “I prepared a simple dinner for us to share tonight.”

“Really?” aniya nang makaupo. Katapat niya sa hapag si Jovan habang magkatapat naman sa magkabilang dulo ang dalawang magkasuyo. “Did you cook all of these?”

“Uhm... m-my chef prepared all of these. I am not that of a good cook. Although nag-enroll na ako sa isang culinary school.” Lalong namula ang mukha ni Martha.

“Is that so? Iyong mom ko kasi, she’s very good

at cooking. Doon nga na-in love ang daddy ko sa mommy ko, eh. He can't get enough of my mom's secret recipes.”

“T-talaga?” Natahimik si Martha habang kumakain sila. Habang siya ay ngingiti-ngiti, ang dalawang lalaki naman ay masama ang tingin sa kanya.

“By the way, Jeremy, how's your business doing?” Jovan decided to break the ice.

“It's fine.” Ngumiti ang daddy niya. He was obviously pleased at how the younger man asked about him. “How about your company? I heard you are planning to have a merge.”

“Of course it's good,” tipid nitong sagot.

While she kept her grievances toward Martha for being such a pain in her neck, lumalarga rin si Jovan sa pangongolekta ng inis niya. Pakiramdam niya ay nanonood lang siya ng laro ng tennis. Dahil simula nang mag-umpisa silang magsalita ay palipat-lipat na ang pamumula ng mukha ng mga magulang nila.

Kung ipinapahiya ni Jovan ang daddy niya, gumaganti siya. Habang ang dalawa ay walang magawa, halatang iniwasan lang na magkaroon ng pagtatalo sa pagitan nila.

“By the way, Jeremy and I have an announcement.”

Pareho silang napatigil ni Jovan sa pag-inom ng alak nang marinig ang tinuran ni Martha.

Madel composed herself and bravely turned to her father. “Dad?” tanong niya. Bagaman alam na niya kung ano ang isisiwalat ng huli ay umaasa pa rin siyang sana ay iba ang sabihin nito.

“We are getting married. We have already set the date,” masayang balita ni Jeremy kapagdaka. “It’ll be next month.” Tumayo ito at nilapitan si Martha. “There’ll be no engagement party or whatsoever, all we want to do is to get married as soon as possible.”

3

“This can’t be happening! Tell me I’m just dreaming. Oh, God! My dad’s getting married next month!” naghihimutok na pahayag ni Madel sa harap ng mga kaibigan niya. Kinuha niya ang kanyang baso at ininom ang malamig na beer na laman niyon. “Ano na’ng gagawin ko?” Frustrated niyang sinalinan ng beer ang baso. Parang gusto niyang maiyak sa inis.

“Eh, di mag-diet ka na para siguradong sexy ka kapag isinuot mo na iyong gown mo sa kasal ng daddy mo,” ani Alexis. She threw her friend a threatening look.

“I have to think of something. Kailangan kong mapigilan ang kasal nila.”

“Stop it, Mads. Don’t even start working with your evil plans again,” her friend warned.

“Alexis is right. And please, stop drinking like it’s just cold water,” saway ni Sandy. Inagaw nito ang basong sinalinan niya ng beer at inilayo iyon sa kanya.

“Give me that! Hindi ko kayo ipinatawag na dalawa rito para pakialaman ang pag-inom ko.”

Nanunulis ang ngusong pilit niyang inaagaw ang baso mula sa kaibigan.

“Ano nga ba’ng plano mo ngayon?” ani Alexis. She gave the glass of beer back just to prevent them from getting into a fight again. Siniko pa nito si Sandy para lang ihiwalay ang nanghahamon na tingin nito sa kanya. Umismid ito, but decided to back down, nevertheless.

“Wala pa nga, eh. Nag-iisip pa ako. Mukhang hindi kasi tatalab sa Martha na iyon ang pananakot. Sa ngayon, wala pa akong ibang alam sa kanya maliban sa nabiyuda siya twelve years ago at mayroong isang anak. And speaking of anak, do you remember the guy I told you before, iyong ungas na nagnakaw ng halik sa akin sa parking lot ng grocery store?”

“S-siya iyong anak ni Martha?” duweto ng dalawa.

“Mismo!” asik niya. “What a terrible coincidence, di ba? Feeling ko tuloy, ipinanganak ang taong iyon at ang nanay niya para gawing miserable ang buhay ko.”

Napansin marahil ng dalawa na nasira na ang mood niya, kaya kaagad na nagpaalam ang mga ito para sumayaw sa dance floor, hence, giving her space

to let out her frustration and anger. Alam naman niyang minsan ay nagiging makasarili siya sa kanyang daddy. Pero masisisi ba niya ang sarili? Ilang beses na niyang nakitang nagdusa ito dahil sa mga naging karelasyon nito. Her father was so easy to be lured. Masyado itong mabait.

Iginala niya ang paningin sa paligid. They were in *Blueberry Vodka*, an exclusive club in Ortigas. Isa ang club na iyon sa mga pinakapaborito nilang pinupuntahan para mag-unwind. Napailing siya nang mamataan ang mga kaibigan na todo sa pagsayaw sa gitna ng dance floor.

Pagkuwan ay tila tulirong napatitig siya sa lamang beer ng kanyang baso na panaka-nakang nilalaro niya. Again, she sighed. She remembered her dad's impending marriage again. She shouldn't be thinking about it tonight. Naroon siya para mag-unwind, hindi para mag-emote.

She shook her head and cleared her thoughts. Inilapag niya ang basong tangan sa ibabaw ng mesa bago nagpasyang tumayo. Napangiti siya matapos makalanghap ng sariwang hangin sa labas. Ipinasya niyang maglakad-lakad muna. Nakarating siya sa dikalakihang garden sa harap ng club.

“Listen, Jillian, for I am telling you this just once.

I don't love you. Don't you get it?"

Napalingon siya nang maulinigan ang baritonong tinig na iyon na nagmula sa di-kalayuan. Strange, but she thought she heard that voice somewhere before. Hindi man niya gustong makinig, hindi niya napigilan ang sariling lumapit sa kinaroroonan ng dalawang taong nag-uusap.

"Please, don't do this to me, Honey. I love you."

"Leave me alone. I don't love you and I will never ever love you. Ilang beses ko bang dapat sabihin sa 'yo iyan?" anang lalaki na halatang nagtitimpi na lang.

"B-but you kissed me."

"You were the one who kissed me. Lasing ako noon."

"A-alam kong mahal mo rin ako."

"Look at me." The guy slowly leaned toward the girl. "You're beautiful, smart and affectionate. Marami ka pang makikilalang ibang lalaki. Go back to America."

"Why can't you love me?" umiiyak na tanong ng babaeng tinawag nitong Jillian.

"This is getting nowhere," napipikang bulalas

nito. “Ilang beses ko nang sinabi sa ’yo na hanggang kaibigan lang ang tingin ko sa ’yo. Jillian, please.”

“Because I love you so much that I could die.”

“You don’t love me.” Umiling ang lalaki. “Hindi mo lang matanggap na may tumanggi sa ’yo. That’s not love. It’s just about your pride. Nao-obsess ka na sa akin. Hindi ko na nagugustuhan ang ginagawa mo. Stop following me, kung ayaw mong humantong pa tayo sa korte. Don’t push me to my limits. Huwag mong sirain ang pagkakaibigan namin ng pinsan mo,” maigting na pahayag ng lalaki bago iniwan ang babae sa gitna ng garden.

“Hindi ako titigil hangga’t hindi ka napapasaakin!” pahabol pa ng kausap.

At that moment, hindi maipaliwanag ni Madel ang nararamdaman. She pitied the girl who was crying like crazy, alone in the dark, pero naiinis din naman siya rito.

Paano nito nasikmurang magtapat ng undying love nito sa ganoong klase ng lalaki? The guy was a brute! Hindi ba nito alam kung gaano kahirap ang magtapat sa isang lalaki?

A familiar face popped out from her mind. Natawa na lang siya nang makita ang mukha ng lalaki

nang saglit na tinamaan ng liwanag ang anyo nito bago pumasok sa club. Hindi na siya nagulat nang malamang si Jovan iyon. *What a jerk!* Tinapunan niya ng isang huling tingin ang babaeng umiiyak pa rin bago nagpasyang pumasok na rin sa loob.

“Excuse me, Miss, can I have this dance?”

Napabaling siya sa lalaking matamang nakamata sa kanya. Palihim niya itong pinagmasdan. Kung tutuusin ay talagang napakaguwapo nito. With his bedroom-look hair, parang hinugot nito mula sa dictionary ang salitang ‘sexy’ at isinabuhay iyon. His teasing yet confident stare made things hotter. Nakaliliyo at napakaganda ng mga mata nitong kasing-itim ng gabi. And his smile... wow! It was even sexier than his hair.

If things were just different, she would have said yes. Or must she say, if only he wasn’t the guy she had no plans of seeing again—Jovan. “Sorry, wala ako sa mood makipagsayaw ngayon,” aniya. Ibinaling niya ang tingin sa hawak na baso, totally ignoring him. “I am giving you a firm *no*,” diin niya nang hindi pa rin ito umaalis.

“Gan’on? Okay lang, paupo muna,” nanunudyong

sabi pa nito bago umupo sa tabi niya.

“W-what are you doing?” asik niya.

“Makikiupo lang ako,” cool na cool na sagot ni Jovan.

Hindi maipaliwanag na pagkairita ang kaagad niyang naramdaman para sa binata. “Ayoko ng katabi, ayoko ng kausap at mas lalong ayoko sa 'yo. Don't you get it?”

“I didn't know, uso pa pala ang mga pakipot ngayon.”

“P'wede ba, wala ako sa mood makipag-asaran sa 'yo. Wala ka na bang ibang p'wedeng maistorbo kundi ako?”

“Wala. Ikaw lang talaga ang available.”

Hindi makapaniwalang napalingon dito si Madel. God, how she wanted to rub off that devilish grin on his handsome face. Kumukulo na talaga ang dugo niya sa antipatikong lalaki. “Bakit ka ba nandito? You're even acting close. Eww! P'wede ba?” tuya niya.

“Kasi malapit na tayong maging magkapatid.”

“That is really not a good joke.”

“I know,” he sighed.

Nanatili silang tahimik pagkaraan nang ilang sandali. Panira talaga ang ideyang iyon. Sila, magiging magkapatid?

“I won’t let my dad marry her,” basag ni Madel sa katahimikan.

Napatingin sa kanya si Jovan. “Why not?”

“Don’t you get it? I *don’t* like your mom.”

“Iyon na nga. Ikaw lang ang may ayaw sa mommy ko. But your dad loves her so much. Isa pa, hindi naman ikaw ang pakakasalan ni Mommy, ah.”

“I really want to kill you right now,” angil niya.

“Well, I’m just kidding, really. I don’t like the idea of my mom marrying your dad, too.”

“You’re crazy! Huwag ka na ngang mag-jo-joke ever!”

“Is this how you treat your soon-to-be brother?”

“It’s stepbrother!”

“Stepbrother it is,” nakangising sang-ayon nito.

Awang ang mga labing napahawak si Madel sa likod ng kanyang ulo. Aatakehin yata siya ng alta-presyon dahil sa damuhong lalaking ito. “Why don’t

you just leave me alone?”

“How can I?”

“And why can’t you?” balik niya.

“My mom asked me to take you home.”

“Y-your mom what?” Namilog ang kanyang mga mata.

“Nasabi ko kasi na nakita kita rito. At nasabi rin sa akin ni Mommy na kanina pa nag-aalala ang daddy mo sa ’yo. And since my mom is the most wonderful person in this world, inutusan niya akong iuwi ka for your sake.”

Her fists automatically clenched. Hindi pa man sila tuluyang nagiging magkapatid ay nagsisimula na itong sirain ang buhay niya. “Did you tell my dad about this?”

“I haven’t. Ewan ko lang kay Mommy.”

“I hate you and your mom!” she hissed.

“Ditto,” he grinned. “Sa tingin mo ba ay may gustong maging babysitter ng isang pasaway na gaya mo?”

Naningkit ang mga mata niya. “Iniinsulto mo ba ako?”

“I’m stating a fact, dear sister.”

“Don’t you even call me sister! I can go home on my own. Kaya huwag ka nang mag-aksaya ng panahon para magpa-good shot sa daddy ko. Tell that to your mom, too.”

“Don’t talk like that, you brat.”

“Whatever.” Kinuha niya ang kanyang baso at muling lumaklak ng beer. Mataas ang alcohol tolerance niya, kaya kahit pa medyo marami-rami na siyang naiinom ay hindi pa siya nalalasing. “Nakakatamad kang kaaway. You’re too nice to fight back,” she sneered.

“You drink like a guy.” Napangiwi si Jovan nang makita ang mga bote ng inumin na nakalagay sa mesa nila. Half of the bottles were hers. Inagaw nito ang basong kasasalin lang niya ng beer at ininom iyon. “Why are you alone?” Napalinga ito sa mga bakanteng upuan.

“I am not alone. Nasa dance floor lang iyong mga kaibigan ko. Ipinagpalit nila ako sa pagsasayaw,” ismid niya. “Ibalik mo nga sa akin iyang beer ko!”

“Alam ba ni Tito Jeremy na umiinom ka?”

“Bakit, magsusumbong ka rin?”

“Siyempre.”

“Heartbreaker jerk!” Naiinis na hinayaan na lang niya itong ilayo ang inumin sa kanya.

“So, you really came out and eavesdropped.”

“Oh, you’re cool about it. Parang proud ka pa sa ginawa mong pambabasted.”

“Hindi mo alam ang totoong nangyari sa amin.”

“I don’t have any plans of knowing it,” ingos niya.

“Then shut up and stop assuming things.”

Natigil ang pagtatangka niyang pagsagot sa nakita. Just right behind him was the woman he left at the garden a while back. Jillian was literally glaring at her! Hindi niya alam kung ano ang kasalanan niya at ganoon ito makatingin sa kanya. *What’s her problem?*

“Siya ba?” Mayamaya ay narinig niya ang halos pasigaw na pagsasalita ng babae.

Napataas ang kilay niya sa tanong ni Madel. Lalo na nang makita niyang napangiwi si Jovan matapos nitong malingunan ang nagsalita.

Napatayo ito at hinarap si Jillian. “Don’t create a scene,” mahinahong banta nito.

“Kaya ba atat na atat kang makipaghiwalay sa akin ay dahil may iba ka na?”

Doon na napatayo si Madel. Hindi niya napigilan ang sariling sumabat sa usapan ng dalawa. “Look, there’s a slight mix-up about this, Miss. Hindi ko siya boy—”

“How can you do this to me?” Jillian whined.

“I thought I already made myself clear,” Jovan bellowed. “Nag-usap na tayo kanina, hindi ba?”

“I won’t stop loving you.”

Nagtataakang napatitig siya sa babae. She was beautiful. Kung tutuusin ay hindi bagay rito ang ginagawa nitong paghahabol. There was something really spooky about her. Simula nang lumapit ito, whether she talked to her or not, hindi na nito inalis ang paningin kay Jovan, even when the guy wasn’t looking at her.

“I’m sorry, Jillian.” Iyon lang at walang anu-anong hinablot ng binata ang kamay niya, sabay hinila siya palabas ng club. Kasunod niyon ay ang pagsigaw ng babaeng iniwan nilang umiiyak sa sobrang inis.

“You bastard!” she hissed. “Magsama kayo sa impiyerno!”

Dahil sa pagkagulat ay hindi na niya nabawi ang kamay kay Jovan hanggang sa namalayan na lang niyang naisakay na siya nito sa kotse. Napakurap lang si Madel nang muli siyang mabigla dahil sa padarag na pagsasara ni Jovan ng pinto. “W-what happened?”

“Damn that girl! Hindi ba niya talaga ako titigilan?” natataranta at naiinis na sambulat nito bago mabilis na minaniobra ang sasakyan paalis.

Nataranta siya nang mapansing hindi niya kotse ang kinalululanan nila. “S-stop the car!”

“We need to go, okay?” He didn’t stop driving.

“I said stop the car!” Pinagbabayo niya ito sa braso. Isang malakas na pag-ingit mula sa gulong ng kotse ang pumuno sa lugar, kasunod niyon ay ang malakas na pagsigaw niya dahil napasubsob siya sa dashboard. Shocked and scared, her widening eyes flew to Jovan’s furrowed face. “Are you trying to kill me?” nanginginig na asik niya.

“That girl is crazy. Naiintindihan mo ba? Ang babaeng iyon ang dahilan kung bakit ako nagtago sa kotse mo nang gabing magkita tayo. And that girl will do everything just to have me! At kapag hindi ko pa siya nilayuan ay mas lalo lang lalala ang obsession niya sa akin!”

“W-what?”

“So just shut up while I am taking you home!”

“H-home?” Napakurap ang dalaga. T-teka, teka!
Hindi pa ako uuwi!”

“I told you to shut up, didn’t I?”

“And who do you think you are t—” Sa halip na sumagot ay pinaharurot na lang nito ang sasakyan. Noon niya napagtantong hindi na biro ang pagkapikong nakikita niya sa mukha ng lalaki.

4

Sa pamamagitan ng call conference ay naikuwento ni Madel sa mga kaibigan ang nangyari sa kanya sa mga kamay ni Jovan. Kauwi lang niya galing sa bar. And that jerk dropped her off like a sack of garbage in front of her house. Hindi niya mapaniwalaan ang ginawa ng kulugong iyon.

Sa pagkakataong iyon, hindi pumayag sina Sandy at Alexis na ituloy niya ang kanyang mga plano upang huwag matuloy ang pagpapakasal nina Jeremy at Martha. Ayon sa mga ito ay dapat pagbigyan ni Madel ang kaligayahan ng kanyang ama at hindi iyong palagi na lamang siyang nasusunod. Ipinaalalarin sa kanya ng dalawang kaibigan na hindi siya kailanman pinabayaan ng matanda magmula noong siya ay ipinanganak. Lagi itong nasa tabi niya.

To them, it was high time for Madel to give him a chance to be happy, too. Malaki na siya, alam na niya ang tama at mali. Dapat ay matutunan niyang magustuhan ang magiging madrasta.

Kinabukasan...

“Good morning.”

She literally ignored her father's greeting. Hindi niya kayang itago ang inis at pagtatampo niya rito. Nakita niya ang pag-iling nito na sinundan ng isang mahabang buntong-hininga. Dere-derecho siyang naglakad patungo sa pinto nang muling magsalita ang daddy niya.

“Martha wants to visit us.”

Napatigil siya sa paglabas, marahang napalingson dito at napakibit-balikat. Ayaw niyang magsalita dahil alam niyang tiyak na hindi nito magugustuhan ang mga katagang maaaring lumabas sa kanyang bibig.

“Madelina...”

“Why are you telling me this, Dad? May magagawa pa ba ako kung gusto niyang pumunta rito? After all, kapag ikinasal na kayo, dito na rin naman siya titira kasama ng anak niyang sumbungero at wala rin akong magagawa, hindi ba?”

“I know you're still hurt because of the news.”

“I'm glad to know that you actually know that I'm hurting yet you still continue hurting me,” nang-uuyam niyang sagot. “I'm so touched, really.”

“Hindi kita pinalaki para sumbatan ako!” Dumagundong ang malagom na boses nito.

“Should I say sorry, then?” She painfully smiled. “Did you really expect me to open my arms, welcome my new stepmom and forget about my mom?” She faked a stupid laugh. “Sure, I can do that. Kapag patay na ako.” Hindi na niya hinintay pa ang sasabihin ng ama. Dali-dali siyang lumabas at sumakay sa kotse niya.

Right after she went inside her car, bumuhos ang luhang kanina pa niya tinitimpi. Kahit luhaan ay binuhay niya ang makina at nagsimulang magmaneho. Ni hindi niya alintana ang panganib na sinuong niya dahil sa sobrang sama ng loob.

When her phone rang and saw her father’s name appeared on her cellphone screen, she angrily stepped on her car’s accelerator. Wala siyang balak na kausapin ito nang mga sandaling iyon. Iisang lugar kaagad ang pumasok sa isip niya—*Blueberry Vodka*.

Isang ungol ang kumawala sa kanyang mga labi matapos niyang imulat ang mga mata. Her head hurt like hell. Parang binabayo iyon ng milyun-milyong martilyo. Muli niyang ipinikit ang mga mata. Pagkaraan nang ilang sandali ay muli siyang nagmulat.

“Gising ka na pala.”

Natigilan si Madel nang maulinigan ang pamilyar na boses na iyon. Napatingin siya sa gawi na pinagmulan niyon—sa pintuan ng silid. Nakatayo roon ang bagong paligong lalaki. “J-Jovan?”

“The one and the only.” Inilapag nito ang hawak na tray sa isang maliit na mesa. “How are you feeling? Bumangon ka na at inumin mo ito,” alok ng binata.

“W-what am I doing here? Where am I?”

“Narito ka sa condo ko.”

“S-sa condo mo?” Bigla siyang napabangon. “Ouch!” Napahawak siya sa kanyang ulo at napangiwi. “What the hell am I doing inside your condo?”

“Your dad called my mom. My mom called me. And as usual, she wanted me to babysit her fiancé’s mischievous princess again,” sarkastiko nitong sagot. Umupo ito sa isang mahabang sofa na nasa loob ng kuwarto. “You were almost half-dead when I came to fetch you.”

Biglang bumalik sa alaala ni Madel ang nangyari kanina. Pagkaalis niya sa bahay nila ay kaagad siyang dumerecho sa bar. Simula rin nang dumating siya roon ay nilunod na niya ang sarili sa alak. Napatingin

siya sa orasang nakasabit sa dingding. It was almost four in the afternoon. Ibig sabihin ay maghapon din siyang uminom at nakatulog.

“I’m going home,” sabi ng dalaga.

“Stay for a while. You can’t drive in that state. At least, give me some consideration. Ayokong maging driver, matapos kong maging babysitter.”

“Will you quit mocking me? Sino ba kasi ang nagsabi sa ’yong bantayan mo ako?”

“My mom did.”

“Then quit obeying your mother’s orders.” Tumalim ang tingin ni Jovan, halatang hindi nagustuhan ang sinabi niya. “Masyado kayong mabait na mag-ina.”

“Kung kaya mo nang umuwi, you may go.” Padarag na tumayo ito at iniwan siya.

Dahan-dahan siyang tumayo at sumunod dito. She looked around the place. Nagulat si Madel sa nakita. The place looked clean and organized for a bachelor living alone. Bakit naman kaya sa halip na iuwi ay sa pad pa siya nito dinala? Paalis na siya nang may bigla siyang naisip. Mabilis niyang hinanap ang kanyang bag at inilabas mula roon ang kanyang

cellphone. Napangiti siya nang makita ang seventy-five missed calls ng kanyang daddy.

She dialed his number. Nailayo niya ang cellphone sa tainga dahil sa pagsigaw nito. “Daddy, may balak ka bang pasabugin ang eardrums ko?”

“Where are you?” nag-aalalang usisa nito.

Napangisi siya nang makumpirma ang kanyang hinala. The ever good boy Jovan didn’t tell the older man where she was. “Guess where,” nakakalokong sagot niya.

“Dammit, Madel! Just tell me where you are!” Naging hysterical na ito. “Jovan isn’t picking up his phone. I told him to get you. Tinakasan mo ba siya?”

“You don’t have to yell. I’m at Jovan’s place.”

“What?” he asked incredulously.

“You heard it right, father dear. I’m here at the pad of my future stepbrother.”

“What are you doing there?” Jeremy roared.

“H-hindi ko din alam, Dad. Ang natatandaan ko, nagpunta ako sa bar. Guilty as charged, uminom ako. Pero nagising na lang ako na nandito na ako sa kuwarto ni Jovan,” she dramatically explained.

Narinig niya ang malakas na pagsinghap ng kausap sa kabilang linya.

“J-Jesus! Are you okay? I mean, how are you feeling?”

“W-well, masakit ang ulo ko,” umaarteng sagot niya.

“U-ulo lang ang masakit sa ’yo?”

“Yeah, and—Jovan? I’m just talking to my da—” Literal na pinutol niya ang tawag. Pagkatapos ay pinatay niya ang kanyang cellphone. Napabungisngis siya. How she wished she’d seen her dad’s reaction. Ngingiti-ngiting lumabas siya ng kuwarto.

“Bakit parang ang saya-saya mo?” nagtatakang puna ni Jovan nang puntahan niya ito sa sala.

“Wala naman. Inaasahan ko lang ang pagwawala ng daddy ko at ang surprise visit niya rito sa condo mo.”

“What?” Napatayo ito at hindi makapaniwalang napabaling sa kanya. “Ano na naman ang ginawa mo?”

Nang-aasar na naupo siya sa sofa at tinitigan ang lalaki. “Sana makita ako ng daddy ko ngayon.” She ripped one of her sleeves. Jovan gasped at what

she did.

“What are you doing?”

Nagkibit-balikat ang dalaga. “Wala naman. Gumagawa lang ako ng mabisang paraan para hindi matuloy ang kasal ng mga magulang natin.” Inalis niya ang pagkakatali ng kanyang buhok at ginulugulo iyon. Pinahid niya ang lipstick sa kanyang mga labi.

“At my expense?” galit na sikmat nito.

“Di ba, ang galing ko? Makakaganti na ako sa ginawa mong pagsusumbong, mapipigilan ko pa ang kasal ng mga magulang natin. I’m such a genius.”

“You fool!” Mabilis nitong sinakmal ang kamay niya at pinigilan siya sa pagpupunit sa isa pang sleeve ng damit niya. “My mom would hate me!”

“Eh, di masaya.”

“Alam mo ba kung ano’ng maaari nilang gawin sa atin dahil sa ginagawa mo?”

“Siyempre, maghihiwalay ang parents natin at mamumuhi sila sa ’yo habang buhay.”

Umiling ang binata. “No. They will arrange a crazier marriage for both of us! Hindi na sila ang

ikakasal kundi tayo. Naiintindihan mo ba ang sinasabi ko?”

“W-what?” Bigla siyang nataranta.

“Dammit!” Marahas nitong binitiwang ang kamay niya. “You’re not even thinking!”

“T-that would be impossible! Hindi hahayaan ng Daddy ko na maugnay ako sa gaya mo. Moreover, let me marry someone like you.”

“And what do you mean by that?”

“M-my dad so hates your kind, you know, the insensitive and playboy type. He’s very protective of me when it comes to men. Walang tiwala si Daddy sa mga palikero’t babaerong gaya mo. Kung sakali kayang hindi ka anak ni Martha, would he even allow me to talk to you?”

“Well, my mom’s the conservative type. And obviously, you aren’t the kind of *conservative girl* she’d want to see me with. I wonder how Mommy would react if she’d learn that we’re actually dating each other,” nang-iinis din nitong pambabara.

Natigilan si Madel nang mapagtanto ang isang bagay. “Oh my! Bakit hindi natin subukan? I think I have a plan. Iyon, eh, kung papayag ka.” Dumaan ang

pagdududa sa mga mata ni Jovan. She was willing to take the risk. “Let’s date.”

Namilog ang mga mata ni Jovan. “W-what?”

“Sa tingin mo ba, maitutuloy pa nila ang magpakasal kapag nalaman nilang nagmamahalan tayo? I mean, come on! Hindi papayag ang daddy ko. So, let’s date.”

Natigilan ito, pagkuwan ay napatango. “You have a point.” Umupo ito at tumabi sa kanya sa sofa.

“Masyadong malaki itong sofa mo para sumiksik ka dito sa tabi ko.” Umusod siya palayo nang mapansing sinadya nitong idikit ang braso nito sa braso niya. And he was literally sniffing her scent, for crying out loud! Napakamot naman ito sa ulo. *Akala mo, ha?*

“Masyado ka namang ilag sa akin.”

“I know your type. Delikado ako sa ’yo.”

“Ouch!” He exaggeratedly held his chest, animo talagang nasaktan ito. Napangisi si Jovan nang biglang tumunog ang telepono sa tabi nito. “Good morning, ’My!”

Nanlaki ang mga mata ni Madel nang marinig ang tinuran nito. Nakumpirma niyang ang mommy

nga ni Jovan ang kausap ng huli nang tinapik nito ang upuang binakante niya kanina. She eagerly sat beside him.

“Madel? Bakit mo siya dito hinahanap?” Nagpatangu-tango ito. “Well, tell Tito Jeremy that she’s really here.” Nailayo nito ang hawak na telepono. Natitiyak niyang napasigaw ang mommy nito sa kabilang linya. “Relax, Mommy, wala akong ginawa sa kanya.”

Inilapit niya ang tainga sa telepono nang iniumang nito ang aparato sa kanya. Pero parang nagsisi siya sa ginawa. Why, he was really persistent to make a pass at her. Idinikit nito ang pisngi sa pisngi niya—sandwiching the tiny gadget between their touching faces. His firm hand snaked around her shoulders to stop her from pulling away. Asar na pinandilatan ang binata.

Ngumisi lang ito, pagkuwan ay nang-aasar na mas inilapit pa ang mukha kay Madel. She had been in contact with men before, pero ni minsan ay hindi pa nagwala nang ganoon ang tibok ng puso niya dahil lamang sa simpleng pagdidikit ng balat nila. Tila ba may ibinubugang apoy ang pisngi nito at malapit nang matusta ang pisngi niya.

Isang tumataginting na ‘Jovan!’ ang isinagot ng

mommy nito. Obviously, her reaction was knocked for six. Parang isang death threat ang natanggap nito. Kuntentong inalis ng lalaki ang pagkakaakbay sa kanya. He gave her a look that seemed to say, 'I told you my mom's gonna freak out',

“Really, I’m gonna answer all your questions later. Madelina just came out from the bathroom. I think she’s ready to rumble the kitchen now. She promised to cook dinner for me. Bayad daw niya dahil tinulungan ko siya kanina. ’Bye for now, Mom. I’m hanging up.”

Hindi nakaligtas sa pandinig ng dalaga ang pagbibigay nito ng ibang kahulugan sa mga katagang binitiwang, marahil ay sa layong lalong pasidhiin ang pag-aalala at pagkabalisa ng ina nito. She finally got the picture. Napangisi na rin siya, sharding off the weird feeling inside her. She gave him an okay sign, na ginantihan naman nito ng isang sexy at nakaliliyong kindat.

“Mukhang maganda nga ang naisip mong plano,” komento ng binata nang muling tumunog ang cellphone nito. “See?” pagmamalaki nito nang makita na ang pangalan ng kanyang ama ang naka-register sa screen niyon. “Yes, hello?” sagot nito sa tawag.

“Ano’ng ginawa mo kay Madel?” singhal ng

matanda.

“Jeremy, may balak ka bang pasabugin ang eardrum ko?” He put the call on speaker mode.

“Madel’s not answering her phone.”

“She’s right beside me. Wanna talk to her?”

“Give her the phone,” utos nito.

Nakangising kinuha niya ang cellphone. “Hi, Dad!” masigla niyang bati.

“You go home, right now. Kung ayaw mong ako pa ang susundo sa ’yo riyon!”

“Bakit, Dad? May masama ba kung mag-stay muna ako sa bahay ng stepbrother-to-be ko? You told me that Martha’s family is nice. And you’re right. Jovan’s really nice to me. Very, very nice,” may pagdiriiing sabi niya. Narinig niya ang mahinang pagsinghap ng ama mula sa kabilang linya. “Anyway, I have to go now. Ipagluluto ko pa si Jovan ng dinner. ’Bye, Dad!”

Napabungisngis si Madel nang maibaba ang cellphone. Tatawa-tawang hinarap niya si Jovan. “I wish I’ve seen my dad’s reaction face to face. We’ve got the best plan ever. All we have to do is to keep ourselves on track. You do all the things that my dad

hates and I'll just do everything your mom hates. Presto! Panalo na tayo."

"Kaya tara na sa kusina. I want adobong manok and buttered vegetable for dinner." Tumayo na ito at iniwan siyang nakakunot-noo habang nakaupo sa sofa.

"Ano?" Tumayo na rin siya at sinundan ang lalaki sa kusina.

"Hindi ba't ipagluluto mo ako ng dinner?"

"Ano ka? It's only for a show!"

"Ano'ng gagawin mo kung biglang pumunta rito ang mga magulang natin? I should warn you about my mom. Mahilig siyang manorpresa, alam mo ba?"

"Pasalamat ka, marunong nga akong magluto. Kapag nagkataon, nabuking na tayo sa padalos-dalos na pagpapalusot mo." Kumuha siya ng mga iluluto.

"Of course, I know you can cook. Ilang beses kang ibinida sa akin ni Jeremy." Humalukipkip ito at mataman lang siyang pinapanood habang naghahiwa ng bawang.

Hindi alam ni Madel kung bakit pero parang bigla siyang na-conscious sa klase ng pagkakatingin nito. "O-oo naman. He's very proud of my cooking

prowess. Namana ko kasi kay Mommy ang galing ko sa pagluluto. Hindi mabubuhay si Daddy nang hindi nakakatikim ng luto ko.”

“My mom hates cooking.”

“I wonder what made my dad think he could marry your mom.” Tumalikod siya upang kumuha ng frying pan. Nilagyan niya iyon ng mantika saka isinalang sa kalan. Unti-unti ay nararamdaman niyang nagiging at ease na ulit siyang kumilos sa harap nito. Maybe it was because he finally stopped staring at her.

“I don’t know either.”

“Paano nila naiisip na p’wede silang magsama? Pareho na silang matanda para sa isang whirlwind romance. Tiyak na pagsisisihan lang nila ang gagawin nilang pagpapakasal. And I don’t want to see my dad screwed for the nth time. I won’t allow that to happen,” pahayag ng dalaga.

“That’s why I promised to do everything to stop my mom’s madness. I don’t want to see her go through that kind of life again after my dad’s death. So tell me, what are the things your dad hates?” Nagpangalumbaba ito.

“Hmm...” Iginisa niya ang bawang habang nag-

iisip. “I think your past relationships would be the biggest blast. Among all the things in this world, gaya nga ng s’abi niya, masira na daw lahat ng mamahaling vintage vase collections niya, ’wag lang ako. I am his gem, his only princess.”

“Just by hearing all those things you’ve just said, I can say that you love your father so much. At mukhang wala kang balak na i-share siya sa iba.”

“Oo naman. Sa akin lang si Daddy. At walang p’wedeng manakit sa kanya,” pagmamayabang niya.

“Nakakatakot ka palang mahal. I bet, napakaselosa mo. I pity your future husband.” Nahuli niyang napapailing si Jovan nang bigla niya itong lungunin.

“Ano naman kung selosa ako? Iisa lang ang ibig sabihin kapag nageselos ang isang tao, eh. Ibig sabihin n’un, totoong nagmamahal siya.”

He shrugged. “Whatever. I really must not let myself get involved with someone like you.”

“Para namang hahayaan ko ang sariling kong masira nang dahil sa isang playboy na gaya mo,” she taunted. Halos sabay pa silang napaismid. Hanggang sa matapos siyang magluto ay hindi na sila nag-imikan. Iniwan siya nito sa kusina. Nagpaalam itong

manonood sa sala.

“Tapos na po ang inyong dinner, Kamahalan,” sarkastikong tawag ni Madel mula sa kusina. Hindi naglaon ay dumulog na si Jovan sa hapag. Kahit na naiinis ay ipinaghain pa rin niya ito.

“Sit down, sabayan mo na ako,” aya nito.

“Wow naman! Kung makapag-aya ka, parang ikaw’yung nagluto. Talagang sasabayan kita. Ako’ng nagluto nito, eh.” Umupo siya at nagsimula na ring kumain.

“You cook well, I must say.”

Hindi niya napigilan ang sariling tugunin ang komento nito ng isang ngiti. “I know.”

“May pagka-humble ka rin pala?” amused na saad nito.

“I heard, ikaw daw ang namamahala sa mga negosyong naiwan ng daddy mo?” pag-iiba niya ng topic.

“No choice. Sa ’kin lang kasi p’wedeng ibigay iyon.”

“The way you talk, parang ayaw mo ng buhay mo.”

“Sometimes, yeah.”

“Only child din ako kaya medyo pareho tayo ng kapalaran. But since I am just too lazy to work in his company yet, I declared myself as a business heiress on the process. Dad agreed. He’ll die if he ever stopped working his ass off. Alam mo na, he’s a workaholic. I have a culinary school for children, by the way.”

“Really? Mga bata ang tinuturuan mong magluto?” Sumubo ito ng sinangag. “Hindi ba mahirap iyon?” He took another spoonful. He was really enjoying the food.

“Minsan, mahirap. Lalo na kung puro whims and caprices ang pinapairal ng mga bata. You know, kids are always moody. Minsan mabait sila, kadalasan ay sobrang kulit. Pero worth it naman lahat ng paghihirap ko because I really enjoy teaching them.”

“Bakit mga bata pa ang naisipan mong turuan?”

“Siguro kasi, masyado akong sabik na magkaroon ng nakababatang kapatid. I grew up playing alone, and most of the time, spending my childhood days in the kitchen with my mom. Si Mommy nga lang lagi ang kalaro ko sa kusina dati, eh.” Napangiti siya nang maalala ang mga panahong kasama pa niya

ang kanyang ina. “Too bad, maaga siyang nawala sa ’min ni Daddy.”

“While you were busy playing with your mom in the kitchen, I was busy studying how to manage our own business. Malaki ang responsibilidad na nakatak dang maipatong sa balikat ko,” malungkot na turan nito.

“Grabe naman iyan. Kaya ba ngayong malaki ka na, natutuwa kang makipaglaro?”

“Talagang hindi ka maka-get over sa image ko?”

“I can’t help it,” she answered, shaking her head. “Sa tuwing naaalala ko kung gaano ka ka-cool habang iniwang luhaan ang babaeng iyon ay hindi ko mapigilang mapaisip. Were you like the ones I always watch in dramas? Iyong tipong may dark past, like iniwan ng fiancée, niloko ng first love etcetera kaya ka biglang nagpasyang maging playboy?”

“Your imagination surely runs wild sometimes. Wala akong dark past,” tila amused na pahayag nito.

“I guess you’re just scared. Or maybe, there’s this one thing that makes you feel scared to involve yourself in a relationship. Now, tell me I’m wrong.”

Napapantastikuhang natawa ang binata. “I just

hate commitments. Isa pa, iba ang sitwasyon namin ni Jillian. She's not my girlfriend. Ni hindi ko nga niligawan ang isang iyon. Just because I kissed her, nag-assume na siya na mahal ko daw siya. And then she started stalking me. Kaya nga nang sabihin mo ang tungkol sa plano mo, umoo agad ako. I'd be hitting two birds with one stone."

"Can I ask you a question?" Tumango ito kaya nagpatuloy si Madel sa pagtatanong. "Why do you hate my dad? I mean, why are you against their marriage?"

"What is there to ask? Of course, kagaya mo ay hindi ko rin matanggap ang daddy mo bilang bagong asawa ni Mommy. I happen to know something about his background. He's a playboy himself."

"Madali lang talaga ma-in love si Daddy. Sa katunayan nga, siya pa ang kinakawawa ng mga nakakarelasyon niya, eh. He's always left bruised and wounded," aniya.

"Kaya ka ba natatakot para sa daddy mo?"

Tumango si Madel. "Anyway, I guess I'd better get going." Tumayo na siya.

"Don't you want to change before you go?"

Game Of Love - Eunice Xyra

Napangiwi si Madel nang maalalang pinunit nga pala niya ang manggas ng kanyang damit. Napailing siya, pagkuwan ay itinuloy niyang punitin iyong kabilang manggas. “Nope. P’wede na ito.” nakangising saad niya. “Instant sleeveless. Sige, gotta go,” paalam niya.